PAGSISIYAM KAY SAN LORENZO RUIZ

Gabay

Ang pagsisiyam para kay San Lorenzo ay maaaring dasalin ayun sa sumusunod:

- Pagsisisi
- Pagninilay
- Pambungad na Panalangin
- Pagninilay sa bawat araw
- Panalangin kay San Lorenzo Ruiz

Kung mayroon misa, maaring isama ang mga ito sa bahagi ng misa ayon sa mga sumusunod ng tagubilin:

Bahagi ng Pagsisiyam	**Kapalit sa bahagi ng Misa**
Pagsisisi	Pagsisisi ng kasalanan (i confess)
Pagninilay	Pagkatapos ng ebanghelyo o di kaya homiliya
Mga kahilingan	Panalangin ng Bayan (Prayers of the Faithful)
Pambungad na panalangin	Pagtatapos ng Panalangin ng Bayan

Isinaayos ng mga samahang Pilipino
Archdiocese ng Köln at Bonn

I. PAGSISISI

Panginoong Hesukristo, / ikaw na lumikha / at nagpakasakit para sa akin, / nagsisisi ako nang buong puso / sa mga salang nagawa ko sa iyo.

Diyos ko, / Panginoon ko at Ama ko / na pinakatatangi sa lahat, / ako'y magsisikap / na huwag nang lumabag / sa iyong kalooban / at ako'y nangangakong magkumpisal / ng aking mga kasalanan.

Ako'y umaasa / sa iyong kapatawaran / alang-alang sa iyong mahal na pasyon / at pagpapakasakit sa krus. / Amen.

II. PAMBUNGAD NA PANALANGIN

O kamahal-mahalan / at kataas-taasang Diyos, / ang biyayang ibinigay mo / kay San Lorenzo Ruiz / na lasapin ang parusa ng kamatayan / alang-alang sa pananampalataya / ay matutuhan din sana namin. / Sa pamamagitan ng kanyang panalangin, / tulutan mong mapagtiisan namin / ang lahat ng hirap / at sa gayon / ay magkaroon kami ng malaking pag-asa / at pag-ibig sa iyo.

O San Lorenzo Ruiz, / ikaw na nagbigay dangal sa aming bayan, / naging huwaran ng lahat ng ama / at mga mag-anak, / naging saksi ni Kristo / sa buhay at kamatayan,/ iniluluhog namin sa iyong paanan / ang aming kahilingan, / nang sa gayon / ang lahat ng aming kilos at gawain / ay maayon sa pag-ibig namin / kay Kristong aming Panginoon.

Hinihiling namin / sa pagsisiyam na ito / ang walang hanggang kapurihan ng Diyos / at ang karangalan mo / bilang martir ni Kristo / at tagapagtanggol ng mga Kristiyano.

III. Pagninilay sa bawat araw (sundan sa takdang araw)

IV. Mga kahilingan

Tugon: San Lorenzo Ruiz, ipanalangin mo kami.

Ulirang ama ng tahanan, nabuhay ka sa gitna ng mga paghihirap, lingapin mo ang aming pamilya na nasa krisis. (*Tugon)*

Tapat ka sa iyong mga paglilingkod sa simbahan sa pamamagitan ng pagtupad sa iyong mga tungkulin sa Diyos at sa kapwa, kami sana'y iyong tulungan na maging tapat din sa aming mga tungkulin sa tahanan at lipunan. (*Tugon)*

Naging dakilang kasapi ka sa mga samahan sa simbahan sa parokya; tulungan mong makiisa at makibahagi kami sa mga gawaing pansimbahan at maging kasangkapan ni Kristo sa paggawa ng kabutihan. (*Tugon)*

Naging matatag ka sa iyong pananampalataya kay Kristo, kaya minatamis mong mamatay alang-alang sa kanya, tulutan mong kami'y maging matapang na sundalo ni Kristo na walang takot ipahayag na kami'y mga Kristiyano at maka-Diyos. (*Tugon)*

(Kung ang nobena ay bahagi ng misa, maaaring hindi na mag-alay ng isang "Ama Namin" alang-alang sa mahal na pasyon ni Hesukristo.)

V. Panalangin kay San Lorenzo Ruiz de Manila

Minamahal naming Lorenzo Ruiz, / sa harap ng kamatayan / ipinahayag mo / ang kahandaang mag-alay ng libo mang buhay/ para sa pananampalatayang Kristiano. / Ngayon / ang buong mundo/ ay humahanga sa iyong katapangan. / Kaming iyong mga kababayan, / ay buong pagmamalaking kumikilala sa iyo/ bilang isang Pilipino. / At aming dalangin: / Ikaw na isang ama ng tahanan / ang mag-alaga sa aming mga pamilya; / pamalagiin mo kaming / nagkakaisa sa pagmamahalan. / Ikaw na dumanas ng mga paghihirap/ nang may tiyaga at pananalig sa Diyos/, kalingain mo ang mga may karamdaman / sa pag-iisip at katawan/ at tulungan mo silang magkamit / ng kagalingang nagmumula sa Langit.

Ikaw na namatay sa lupang banyaga, / kupkupin mo ang bawat isang Pilipino/ na naninirahan / at naghahanap-buhay / sa iba’t-ibang dako ng mundo/. Ikaw na halimbawa ng katatagan, / palakasin mo ang aming pananampalataya/ at ipahintulot mo na ito’y lumaganap / at lumago sa aming gitna.

Ikaw na kauna-unahang Santong Pilipino/ ang maging natatanging taga-pagtanggol ng ating bayan. / Panatiliin mo kaming iisang lipi/, tulungan mo kaming kumilos / nang may pagtutulungan/ para sa aming pagsulong at kaunlaran; / at tulungan mo kaming makamit ang tunay na kapayapaan.

Amen.

PAGNINILAY

UNANG ARAW

Wika ni Apostol San Pablo: Sino ang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Kristo? Ang pag-hihirap ba, pag-uusig, gutom, kapighatian o ang tabak ba? Sa kabila ng mga ito ay may nagmamahal sa atin kaya't labis-labis ang ating tagumpay. At natitiyak ko na kahit ang kamatayan, buhay at mga bagay na kasalukuyan … walang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos (Romano 8:35-39).

Nais lamang ipaliwanag ni San Pablo ang ganito: Kung mahal ng tao ang Diyos, pagtitiisan niya ang lahat ng pakundangan sa kanya, gaya ng ginagawa ng umiibig sa kanyang iniibig. Kaya naman kinalimutan ni San Lorenzo Ruiz ang kanyang sarili at pinagtiisan niya ang lahat ng hirap, gutom, pag-uusig at kamatayan mapatunayan lamang ang kanyang pananampalataya sa Diyos. Iyan ang dahilan kung bakit mahal ni San Lorenzo Ruiz ang ating Panginoon. Sa ating kalagayan ngayon, alin ang mas mahalaga sa buhay at sino ang ating pinakikinggan?

(Tumigil sandali, ikapit ang sarili sa mga halimbawa ni San Lorenzo Ruiz at ipaalam sa kanya ang mga biyayang kailangan natin.)

IKALAWANG ARAW

Ayon sa Banal na Ebanghelyo ni San Juan Apostol: "Ito ang utos ko: Mag-ibigan kayo gaya ng pag-ibig ko sa inyo. Walang pag-ibig ang hihigit pa sa isang taong nag-alay ng kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan. Kayo ay mga kaibigan ko kung tinututupad ninyo ang mga ipinag-uutos. Hindi na utusan ang itatawag ko sa inyo sapagkat hindi nalalaman ng ututusan ang ginagawa ng kanyang panginoon. Tinatawag ko kayong mga kaibigan sapagkat lahat ng narinig ko sa aking Ama ay ipinaalam ko sa inyo" (Juan 15:12-15).

Maipakikita natin ang pag-ibig sa Diyos hindi lamang sa salita kundi rin sa gawa. Mapapatunayan natin ang ating pag-ibig sa Diyos kung tayo'y sumusunod sa kanyang mga kautusan at tumutupad sa ating mga tungkulin sa kanya at sa kapwa. Katulad ng ginawa ni San Lorenzo Ruiz, magiging tanda ng pag-ibig natin sa Diyos ang pag-aalay ng ating buhay pakundangan sa Kanya sa gitna ng maraming pagsubok at paghihirap na dinanas sa kamay ng mga taong walang takot sa Diyos. Tuparin natin ang ating mga tungkulin upang parangalan si San Lorenzo Ruiz.

(Tumigil sandali, ikapit ang sarili sa mga halimbawa ni San Lorenzo Ruiz at ipaalam sa kanya ang mga biyayang kailangan natin.)

IKATLONG ARAW

Winika ni Hesus: "Hindi kayo ang pumili sa akin, kundi ako ang pumili at humirang sa inyo upang kayo'y humayo at mamunga at manatili ang inyong bunga. Kung napopoot sa inyo ang sanlibutan, dapat ninyong malamang napoot na ito sa akin bago sa inyo. Kung kayo nga'y sa sanlibutan, iibigin kayo nito bilang kanya. Ngunit yamang hindi kayo sa sanlibutan, kundi pinili ko kayo mula rito, ito'y napopoot sa inyo. Alalahanin ninyo ang sinabi ko sa inyo: walang aliping higit kaysa sa kanyang panginoon" (Juan 15:18-20).

Ayon sa Panginoon, ang sinuman sumusunod sa kanya ay nagdaranas din ng pag-uusig at paghihirap bilang kabayaran sa mga kasalanan. Sa gitna ng mga paghihirap, lumalakas at tumitibay ang kalooban ng tao at nakahandang harapin ang lahat ng pagsubok na dumarating sa kanya. Nanlulumo at nanghihina siya kung iiwas siya sa mga pagsubok na ito. Kung nais makamit ang tagumpay sa anumang bahay, dapat magtiyaga, magtiis, magmalasakit at magsikap. Na-aangkop din ito sa larangan ng siyensiya, edukasyon, kabuhayan, kalusugan at kalakal.

(Tumigil sandali, ikapit ang sarili sa mga halimbawa ni San Lorenzo Ruiz at ipaalam sa kanya ang mga biyayang kailangan natin.)

IKA-APAT NA ARAW

Ayon sa ebanghelyo ni San Mateo: May isang lalaki ang lumapit kay Hesus at nagtanong: "Ano pong kabutihan ang kailangan kong gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan?"

"Bakit mo ako tinatanong kung ano ang mabuti? Iisa lang ang mabuti. Kung ibig mong magkamit ng buhay, sundin mo ang mga utos." "Alin-alin po ito?" tanong ng lalaki. Sumagot si Hesus, "Huwag kang papatay, huwang kang makikiapid, huwag kang magnananakaw, huwag kang magsisinungaling sa iyong pagsaksi, igalang mo ang iyong ama at ina, at ibigin ang iyong kapwa, gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili."

Sinabi ng binata, "Tinupad ko na pong lahat iyon. Ano po ang dapat kong gawin?" Winika ni Hesus, "Kung ibig mong maging ganap, humayo ka, ipagbili mo ang iyong ari-arian at ipamahagi sa mga dukha ang pinagbilhan. Pagkatapos, bumalik ka at sumunod sa akin" (Mateo 19:16-21).

Tayo kaya'y katulad ng binatang nabanggit ni Hesus? Tumutupad ba tayo sa mga tungkulin natin sa Diyos, ngunit ano pa ang ating hinahanap? Nagsisisikap tayong maging banal, nag-aalay ng maraming sakripisyo at hindi nagpapayaman sa mundo. Ang ating paglilingkod sa Diyos at sa kapwa ay hindi magiging ganap at mapawawalang bisa kung tayo'y nang-aalipusta ng kapwa, kung tumatangging tumulong sa nangangailangan, at kung nakikinabang sa masamang paraan.

(Tumigil sandali, ikapit ang sarili sa mga halimbawa ni San Lorenzo Ruiz at ipaalam sa kanya ang mga biyayang kailangan natin.)

IKA-LIMANG ARAW

Ayon sa banal ka kasulatan: Sumama kay Hesus ang napakaraming tao, humarap siya sa kanila at sinabi: "Hindi maaaring maging alagad ko ang sinumang umiibig sa kanyang ama at ina, asawa't mga anak, magkapatid, at maging sa sarili niyang buhay nang higit sa akin. Ang sinumang hindi magpasan ng sariling krus at sumunod sa akin ay hindi maaaring maging alagad ko"
(Lucas 14:25-27).

Pinahintulutan ni Hesus na matikman ang hirap at sakit na Kanyang dinanas sa layunin niyang matubos ang sangkatauhan sa kasalanan. Sa pamamagitan natin ay nakakilos at nakagawa si Hesus ng mga mabubuting bagay at nakapagbigay puri at dangal sa Kanyang ama. Nararapat lamang na makibahagi tayo sa Kanya, harapin ang ating mga suliranin bilang pakikiisa sa Kanya. Tularan natin ang ginawa ni San Lorenzo Ruiz na nakibahagi sa hapis ng Panginoon.

(Tumigil sandali, ikapit ang sarili sa mga halimbawa ni San Lorenzo Ruiz at ipaalam sa kanya ang mga biyayang kailangan natin.)

IKA-ANIM NA ARAW

Winika ni Hesus ang mga sumusunod: "Ngunit bago ang lahat ng ito, darakpin kayo't uusigin. Kayo'y dadalhin sa mga sinagoga upang litisin at ipabilanggo. At dahil sa akin ay ihaharap kayo sa mga hari at mga gobernador. Ito ang pagkakataon ninyo upang magpatotoo tungkol sa akin. Ipanatag ninyo ang inyong kalooban, huwag kayong mabalisa tungkol sa inyong pagtatanggol sa inyong sarili; sapagkat bibigyan ko kayo ng katalinuhan at ng pananalitang hindi kayang tutulan o pabulaanan ng sinuman sa inyong mga kaaway. Ipagkakanulo kayo ng inyong mga magulang, mga kapatid, mga kamag-anak at mga kaibigan. Sa inyong pagtitiis ay tatamuhin ninyo ay buhay na walang hanggan" (Lucas 21:12-19).

Ang biyayang ipinagkakaloob ng Espiritu Santo ay matuwid at mabuting pag-iisip kung kaya natutuhan nating gawin ang kalooban ng Panginoong Diyos at tuluyang nakapag-papasagana sa ating kaluluwa. Kung tayo ma'y nalalagay sa panganib at kagipitan, dumalangin tayo sa ikatlong persona ng Diyos, ang Espiritu Santo sapagkat ang Espiritu ng Diyos ang nagbigay sigla kay San Lorenzo Ruiz na magtagumpay laban sa mga paghihirap at pasakit na ipinataw ng mga kaaway ng pananampalataya. Kapag nasa atin ang biyaya ng Espiritu Santo, makatutupad tayo sa ating tungkulin sa Diyos at kapwa at makatutugon sa anyaya ng Panginoon na magpasan ng ating krus tungo sa kabanalan.

(Tumigil sandali, ikapit ang sarili sa mga halimbawa ni San Lorenzo Ruiz at ipaalam sa kanya ang mga biyayang kailangan natin.)

IKA-PITO NA ARAW

Ito ang sinasaad sa Aklat ng Karunungan: Ang mga matuwid ay nasa kamay ng Diyos at di sila makararanas nang kaunti mang paghihirap. Sa akala ng mga hangal ang mga matuwid ay namamatay, iniisip nilang ang kamatayan ay kapahamakan, at ang pagpanaw nila ay tuluyang paglaho. Ngunit ang totoo, sila'y nananahimik na. Bagama't sa tingin ng tao sila'y pinarusahan, ngunit ang totoo, sila'y nasa buhay na walang hanggan. Ang kaunti nilang pagtitiis ay tutumbasan ng malaking pagpapala sapagkat napatunayan ng Diyos na sila'y karapat-dapat (Karunungan 3:1-5).

Ito ang pahayag ng mga Obispong Pilipino tungkol kay San Lorenzo Ruiz: Ibinilanggo siya sa Nagasaki noong September 21, 1637. Nang siya'y litisin, matapang niyang itinugon: "Ako'y isang Kristiyano at ito'y pinaninindigan ko hanggang ako'y mamatay; sa Diyos ko lamang iaalay ang aking buhay; kahit isang libo mang buhay mayroon ako ay iaalay ko pa rin sa kanya. Kayo na ang bahala kung ano ang gusto ninyong gawin sa akin."

Sa ganitong halimbawa ng pagiging martir ni San Lorenzo Ruiz, mababakas natin sa mga kataga ng mga Obispo na kung nararapat ang katapangan para sa kamatayan alang-alang sa pananampalataya, kailangan din natin ng tapang upang lumakas at tumatag sa harap ng mga pagsubok at tukso sa mundo na walang kinikilalang Diyos.

(Tumigil sandali, ikapit ang sarili sa mga halimbawa ni San Lorenzo Ruiz at ipaalam sa kanya ang mga biyayang kailangan natin.)

IKA-WALONG ARAW

Pakinggan natin ang sinasabi ni San Pedro Apostol sa banal na kasulatan: Mga minamahal, huwag ninyong pagtakahan at ituring na di pangkaraniwan ang mabibigat na pagsubok na inyong dinaranas. Sa halip, magalak kayo sa inyong pakikihati sa mga hirap ni Kristo, at magiging lubos ang inyong kagalakan kapag nahayag ang kanyang kadakilaan. Mapalad kayo kapag kayo'y inaalipusta dahil kay Kristo, sapagkat sumasainyo ang dakilang Espiritu ng Diyos (1 Pedro 4:12-14).

Kung tunay ngang isang Kristiyano ay matapang, mapagtiis, mahinahon, maamo at mababang-loob, mapapatunayan lang niya ito kung siya ay daraan sa isang pagsubok. Marahil, pinahintulutan ng Diyos na tuksuhin ang tao sa mundo upang malaman niya kung hanggan saan ang kanyang pagtitiis, karakter, kabanalan at katapatan.

Napatunayan iyan ni San Lorenzo kaya't nakamit niya ang gantimpala ng Diyos. Ipinakita niya na siya ay isang matapat, matapang at totoong tagapaglingkod ng Diyos sa gitna ng maraming paghihirap at tukso. Maging ang ating Panginoong Hesus ay tinukso ng demonyo sa pamamagitan ng karangyaan, katanyagan at katakawan. At napaglabanan ng ating Panginoon ang mga tuksong ito dahil sa kanyang panalangin, kababaang-loob at pagpapakasakit. Tayo man, mapaglalalaban din natin ang tukso kung tayo'y mananalangin, magkukumunyon at mangungumpisal nang madalas, magkakawang-gawa at magsasakripisyo.

(Tumigil sandali, ikapit ang sarili sa mga halimbawa ni San Lorenzo Ruiz at ipaalam sa kanya ang mga biyayang kailangan natin.)

IKA-SIYAM NA ARAW

Ito ang sinasabi ng Panginoong ayon sa ebanghelyo ni San Lucas: "Sa panahong iyon, kapopootan kayo ng lahat dahil sa akin, at isasakdal upang pahirapan at patayin. Maraming tatalikod sa kanilang pananampalataya at mapopoot sa isa't isa. Ipagkakanulo ng isa't isa ang kanyang kapwa. Marami ang magpapanggap na propeta at ililigaw nila ang marami. Ang kasamaa'y lalaganap, anupa't manlalamig ang pag-ibig ng marami. Nguni't ang mananatiling tapat hanggang wakas ay siyang maliligtas. At ipangangaral sa buong sanlibutan ang Mabuting Balita tungkol sa paghahari ng Diyos upang ito'y makilala ng lahat ng bansa. Saka darating ang wakas" (Lucas 24:9-14).

Suriin nating mabuti ang buhay ni San Lorenzo Ruiz at malalaman natin na tinupad niya ang mga tagubilin ni Kristo. Tinalikdan niya ang kanyang sarili masunod lamang ang kalooban ng Diyos. Nangibabaw ang kanyang Espiritu sa kanyang katawan, inialay niya ang kanyang buhay bilang kapalit ng buhay na walang hanggan. Ngayong dumarami ang mga taong nagpapahalaga sa mundo higit sa Diyos, dapat tayong dumulog kay San Lorenzo Ruiz upang mapaglabanan ang lahat ng tukso at kaaway ng ating pananampalataya. Magdebosyon tayo sa Mahal na Birhen sa pamamagitan ng pagdarasal ng Santo Rosario upang magkaroon ng kapayapaan dito sa mundo.

(Tumigil sandali, ikapit ang sarili sa mga halimbawa ni San Lorenzo Ruiz at ipaalam sa kanya ang mga biyayang kailangan natin.)

SAN LORENZO RUIZ

Sa'yo San Lorenzo martir
Ang Bayan ngayo'y umaawit
Ng isang magandang papuri
Na abot sa langit
Kami ay iyong turuan
Ang buhay ay ilaan
Sa lubos at ganap na pagtataya
Sa Diyos at Inang Bayan

Yamang kami sa iyo'y di naiba
Kalahi nami't kabalat
Iisang bansa ating pinagmulan
Perlas ng Silangan
Tulungan mo't akayin mo
Kami sa tunay na kabanalan

KORO
Sa'yo bayani't kawal ni Hesus
Atas Niya'y natupad
Sana kami'y laging maging tapat
H'wag nang masindak
Sa anumang karahasan
Ang kamatayan man ay maharap
(Repeat)

Sa Diyos at Inang Bayan

LORENZO DE MANILA

Ang Bayang Pilipino
Ngayon ay nagsasaya
Isang sugo sa Langit
Tayo ay mayroon na
Salamat sa Maykapal
Sa Banal na Biyaya
Tinanghal ng daigdig
Kayumangging dakila

KORO:
Purihin ka Lorenzo
At iyong mga kasama
Alagad ng Maykapal
Sagisag ng pag-asa

Sa Rosaryo ng Birhen
Kami'y iyong kasama
Iyo ang aming puso
Lorenzo de Manila
Iyo ang aming puso
Lorenzo de Manila

Ipagbunyi din natin
Mga kasamang Martir
Sa lupa at sa langit
Sila ay dadakilain
Salamat sa Maykapal
Sa banal na biyaya
Tinanghal ng daigdig
Kayumangging dakila

ANG MISA NG SAMBAYANAN

Kapag natitipon na ang sambayanan, ang pari at mga tagapaglingkod ay lalakad patungo sa dambana, samantalang ang ***awiting pambungad*** *ay ginaganap.*

Pagsapit sa dambana, ang pari at mga tagapaglingkod ay magbibigay-galang alinsunod sa hinihinging paraan. Matapos ang ***awiting pambungad****, habang nakatayo ang lahat, ang pari at mga tao ay magkukrus. Ipahahayag ng paring nakaharap sa mga tao:*

Pari: **Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo**

Bayan: **Amen.**

Ilalahad ng pari ang kanyang mga kamay bilang pagbati sa mga tao, habang ipinahahayag

Pari: **Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.**

o kaya

Sumainyo ang Panginoon

Bayan: **At sumaiyo rin.**

Ang pari o ang diyakono o sinumang angkop na tagapaglingkod ay makapagbigay ng maikling paliwanag tungkol sa buod ng Misang ipinagdiriwang.

Susunod na gaganapin ang pagsisisi sa kasalanan. Aanyayahan ng pari ang mgatao:

Pari: **Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang.**

Pagsisisi[1]*. Magkaroon ng saglit na katahimikan. Pagkatapos nito, lahat ay sabay-sabay na aamin sa nagawang kasalanan.*

Bayan: **Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos at sa inyo, mga kapatid na lubha akong nagkasala sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang.**

[1] Maaring ipalit ang panalangin ng "(I) Pagsisisi" matatagpuan sa simula ng nobena.

Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

Ipahahayag ng pari ang pagpapatawad:

Pari: **Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin ang ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.**

Bayan: **Amen.**

Pari: **Panginoon, kaawaan mo kami.**

Bayan: **Panginoon, kaawaan mo kami.**

Pari: **Kristo, kaawaan mo kami.**

Bayan: **Kristo, kaawaan mo kami.**

Pari: **Panginoon, kaawaan mo kami.**

Bayan: **Panginoon, kaawaan mo kami.**

Kapag nakatakdang ganapin, aawitin o darasalin ang awit:

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi namin, pinasasalamatan ka naminka dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagka't ikaw lamang ang banal ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pagkaraan ng awit, magkadaop ang mga kamay na ipahahayag ng pari:

Pari: **Manalangin tayo**

Ang lahat kaisa ng pari ay tahimik na mananalangin nang saglit. Pagkalipas ng ilang sandali, ilalahad ng pari ang kanyang kamay at ipahahayag ang panalanging pambungad. Sa katapusan nito'y sasagot ang mga tao ng pagbubunyi:

Bayan: **Amen.**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Paroroon sa pook ng pagbasa ang maglalahad ng Salita ng Diyos. Habang ipinahahayag niya ang unang pagbasa, ang lahat ay nakaupong makikinig. Upang ipahiwatig ang katapusan ng pagbasa, ihahayag ng tagapaglahad:

Pari: **Ito ang Salita ng Diyos.**

Bayan: **Salamat sa Diyos.**

Isusunod ang Aleluya o ang ibang awit. Ang diyakono o pari ay paroroon sa pook ng pagbasa at ihahayag:

Pari: **Sumainyo ang Panginoon.**

Bayan: **At sumaiyo rin.**

Pari: **Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay N.**

Samantala'y kukrusan niya ang aklat, ang kanyang noo, ang kanyang bibig, at ang kanyang dibdib.Magbubunyi ang mga tao:

Bayan: **Papuri sa iyo, Panginoon.**

Pagkaraan, ipapahayag niya ang Mabuting Balita. Sa katapusan, ihahayag niya:

Pari: **Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon**

Bayan: **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

Pagkaraan, gaganapin ang homiliya na dapat ilahad sa lahat ng araw ng Linggo at mga pistang pangilin. [2]

[2] Maaring isunod ang "(III) Pagninilay" para sa takdang araw ng nobena

Kasunod ng ang pagpapahayag ng pananampalataya kapag ito ay nakatakda:

Sumasampalataya ako sa Diyos
Amang makapangyarihan sa lahat,
na may gawa ng langit at lupa.
Sumasampalataya ako kay Hesukristo,
iisang Anak ng Diyos,
Panginoon nating lahat.
Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo,
ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.
Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,
ipinako sa krus, namatay, inilibing.
Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.
Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli.
Umakyat sa langit.
Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
Doon magmumulang paririto at huhukom
sa nangabubuhay at nangamatay na tao.
Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo,
sa banal na Simbahang Katolika,
sa kasamahan ng mga banal,
sa kapatawaran ng mga kasalanan,
sa pagkabuhay na muli ng nangamatay
na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Pagkatapos ay gaganapin ang panalanging pangkalahatan o panalangin ng bayan.[3] [4]

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

Awit ng pag-aalay. Samantalang ginaganap, sisimulan ang prusisyon ng pag-aalay ng tinapay at alak at ng iba pang handog. Ihahanda ng pari o ng mga tagapaglingkod ang dambana. Ngayon nama'y tatayo ang pari sa gitna ng dambana, hahawakan niya ang pinggan ng tinapay, habang dinarasal niya:

Pagbalik ng pari sa dambana, ilalahad niya ang kanyang mga kamay sa mga tao at muli niyang pagdaraupin habang kanyang ipinahahayag:

[3] Hinggil sa Pangkahalatan Panalangin, maaring dasalin ang "(IV) Kahilingan"
[4] Maaring isunod ang "(II) Pambungad na Panalangin" sa unahan ng nobena bilang pangwakas na pangkahalatan panalangin

Pari: **Manalangin kayo, mga kapatid, upang ang paghahain natin ay kalugdan ng Diyos Amang makapangyarihan.**

Bayan: **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

PAGBUBUNYI O PREPASYO

Ilalahad ng pari ang kanyang mga kamay at darasalin:

Pari: **Sumainyo ang Panginoon.**

Bayan: **At sumaiyo rin.**

Pari: **Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.**

Bayan: **Itinaas na namin sa Panginoon.**

Pari: **Pasalamatan natin ang Panginoong, ating Diyos.**

Bayan: **Marapat na siya ay pasalamatan.**

Pagkaraa'y, ilalahad ng pari ang kanyang mga kamay at darasalin niya ang panalangin ng pagkapakinabang na magwawakas sa pag-awit ng Sambayan ng "Santo".

Pagkatapos ng panalangin ng pari ay ipahahayag nito:

Pari: **Ipagbunyi natin ang misteryo ng pananampalataya.**

Si Kristo'y namatay!
Si Kristo'y nabuhay!
Si Kristo'y babalik sa wakas ng panahon!

Ipagpapatuloy ng pari ang panalangin. Pagkatapos ng panalangin ay sasagot ang mga tao ng "Amen".

ANG PAKIKINABANG

Ipahahayag ng pari ng may magkadaop na mga kamay:

Pari: **Sa tagubilin ng mga nakagagaling na utos at turo ni Hesus na Panginoon natin at Diyos inahayag**

natin nang lakas-loob:

Ama namin, sumasalangit ka.
Sambahin ang ngalan mo.
Mapasaamin ang kaharian mo.
Sundin ang loob mo
dito sa lupa para nang sa langit.
Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw.
At patawarin mo kami sa aming mga sala para nang pagpapatawad namin sa nagkasala sa amin.
At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso.
At iadya mo kami sa lahat ng masama.

Nakalahad ang mga kamay ng pari sa pagdarasal:

Pari: **Hinihiling naming kami'y iadya sa lahat ng masama, pagkalooban ng kapayapaan araw-araw, iligtas sa kasalanan at ilayo sa lahat ng kapahamakan samantalang aming pinananabikan ang dakilang araw ng pagpapahayag ng Tagapagligtas naming si Hesukristo.**

Bayan: **Sapagka't iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.**

Pari: **Panginoong Hesukristo, sinabi mo sa iyong mga Apostol: "Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo. Ang aking kapayapaan ang ibinibigay ko sa inyo. Tunghayan mo ang aming pananam palataya at huwag ang aming mga pagkakasala. Pagkalooban mo kami ng" kapayapaan at pagkakaisa ayon sa iyong kalooban - kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

Bayan: **Amen.**

Ang pari'y paharap sa sambayanan maglalahad at magdaraop ng mga kamay na magpapahayag:

Pari: **Ang kapayapaan ng Panginoon ay laging sumainyo.**

Bayan: **At sumaiyo rin.**

Pari: *Ipahahayag ng diakono o pari:*

Bayan: **Magbigayan kayo ng kapayapaan sa isa't isa.**

Pagkatapos, hahatiin ng pari ang ostiyaniya at isasawak ang kaputol sa kalis habang pabulong niyang dinarasal:

Pari: **Sa pagsasawak na ito ng Katawan sa Dugo ng aming Panginoong Hesukristo tanggapin nawa namin sa pakikinabang ang buhay na walang hanggan.**

Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2X)
Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
ipagkaloob mo sa amin ang kapayaan.

Hahatiin at hahawakan ng pari ang ostiya at sasabihing:

Pari: **Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag- aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.**

Bayan: **Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo nguni't sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Samantalang nakikinabang ang pari, sisimulan ang awit sa pakikinabang.

Pagkatapos, gaganapin ang paghayo:[5]

Pari: **Sumainyo ang Panginoon.**

Bayan: **At sumaiyo rin.**

Babasbasan ng pari ang mga tao habang pinahahayag:

Pari: **Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak + at Espiritu Santo.**

Bayan: **Amen.**

Pari: **Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahalin at paglingkuran.**

[5] Maaring isunod ang "panalangin para kay San Lorenzo Ruiz". (V)

Bayan: **Salamat sa Diyos.**

ANG PAGDARASAL NG SANTO ROSARYO

+ Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espuritu Santo. Amen.

V: Aba Ginoong Maria napupuno ka ng grasya, ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.

R: Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat at pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.

V: Buksan mo Panginoon ko, ang aking mga labi.

R: At purihin ka ng aking dila.

V: Pagpasakitan mo, Diyos ko, ang pag-aampon at saklolo mo sa amin.

R: At iadya mo kami sa mga kaaway.

V: Luwalhati sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.

R: Kapara noong una, gayon din ngayon at magpakailanman, magpasawalang hanggan.

Lahat: SUMASAMPALATAYA ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat/ na may gawa ng langit at lupa/ Sumasampalataya naman ako kay Hesukristo/ iisang Anak ng Diyos Espiritu Santo/ ipinanganak ni Santa Maria Birhen/ Pinagpakasakit ni Ponsiyo Pilato/ ipinako sa krus, namatay at ibinaon./ Nanaog sa mga impiyerno/ nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli./ Umakyat sa langit/ naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat./ Doon magmumulang paririto't huhukom/ sa nangabubuhay at nangamatay na tao./ Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo/ na may Santa Iglesya Katolika/ may kasamahan ng mga santo/ may ikawawala ng mga kasalanan/ Mabubuhay na mag-uli ang nangamatay na tao/ at may buhay na walang hanggan./ Siya Nawa.

AMA NAMIN, sumasa-langit ka / sambahin ang Ngalan Mo / mapasa amin ang kaharian Mo. / Sundin ang loob Mo dito sa lupa

para ng sa langit. / *Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw/ at patawarin Mo kami sa aming mga sala / para ng pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin / at huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso at iadya Mo kami sa lahat ng masama. Amen.*

ABA GINOONG MARIA napupuno ka ng grasya, ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo./ Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat/ at pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus. *Santa Maria, / Ina ng Diyos, / ipanalangin Mo kaming mga makasalanan/ ngayon at kami'y mamamatay. Amen*. (3 ulit dasalin)

LUWALHATI SA AMA, at sa Anak, sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, gayon din ngayon, at magpakailan man, at magpasawalang hanggan. Amen.

V: Ang mga misteryong pagninilaynilayin, ay mga misteryo sa...

(Babanggitin ang misteryo na nauukol sa araw at saka isusunod ang 1 Ama Namin at 10 Aba Ginoong Maria, at 1 Luwalhati.)

R: O Hesus ko, patawarin mo ang aming mga sala. / Iligtas mo kami sa apoy ng impyerno. / Hanguin mo ang mga kaluluwa sa purgatoryo,/ lalung-lalo na yaong nangangailangan ng iyong awa. /

Diyos ko, ako´y naniniwala, ako´y sumasamba, ako´y umaasa, ako´y nagtitiwala at nagmamahal sa iyo. Inihihingi ko po ng kapatawaran yaong mga hindi naniniwala, hindi umaasa, hindi nagtitiwala at hindi nagmamahal sa iyo.

Kalinis-linisang puso ni Maria, ipanalangin ko kami.

TUWA *(Lunes at Sabado)*

1) Ang pagbati ng Angel sa Mahal na Birhen
2) Ang pagdalaw ng Birhen Maria kay Sta. Isabel
3) Ang pagsilang sa mundo ng Anak ng Diyos
4) Ang paghahain sa Templo ng Anak ng Diyos
5) Ang pagkakakita kay Hesus sa Templo ng Herusalem

HAPIS *(Martes at Biyernes)*

1) Ang panalangin ni Hesus sa Halamanan
2) Ang paghampas kay Hesus na nakagapos sa haliging bato
3) Ang pagpuputong ng koronang tinik kay Hesus
4) Ang pagpapasan ng krus ni Hesus
5) Ang pagkapako at pagkamatay ni Hesus sa krus

LIWANAG (Huwebes)

1) Sa kanyang binyag sa ilog Jordan
2) Sa kanyang pagpapahayag ng kanyang sarili sa kasalan sa Cana
3) Sa kanyang pagpapahayag ng Kaharian ng Diyos, sa pagtawag patungo sa pagbabago
4) Sa kanyang Pagbabagong-anyo
5) Sa kanyang pagtatatag ng Banal na Eukaristiya, bilang pagpapahayag na Sakramental ng Misteryo Paskawal

LUWALHATI *(Miyerkoles at Linggo)*

1) Ang pagkabuhay na mag-uli ni Hesukristo
2) Ang pag-akyat sa langit ni Hesukristo
3) Ang pagpanaog ng Diyos Espiritu Santo sa mga Apostoles at sa Mahal na Birhen
4) Ang pag-akyat sa langit ng Mahal na Birhen
5) Ang pagpuputong ng korona sa Mahal na Birhen

ABA PO SANTA MARIANG REYNA- Ina ng Awa. Ikaw ang kabuhayan at katamisan; Aba, pinananaligan ka namin. Ikaw nga ang tinatawagan namin, pinapanaw ng taong anak ni Eva. Ikaw rin ang pinagbubuntong hininga namin ng aming pagtangi dini sa lupang bayang kahapis-hapis. Ay Aba, pintakasi ka namin, ilingon mo sa amin ang mga mata mong maawain, at saka kung matapos yaring pagpanaw sa amin, ipakita mo sa amin ang iyong anak na si Hesus. Santa Maria, Ina ng Diyos / maawain, maalam at matamis na Birhen.

V: Ipanalangin mo kami, Santang Ina ng Diyos.

R: Nang kami'y maging dapat makinabang sa pangako ni Hesukristong Panginoon.

LITANYA SA MAHAL NA BIRHENG MARIA

Panginoon, maawa Ka sa amin; *Panginoon, maawa Ka sa amin;*

Kristo, maawa Ka sa amin; *Kristo, maawa Ka sa amin;*

Panginoon, maawa Ka sa amin; *Panginoon, maawa Ka sa amin;*

Kristo, pakinggan Mo kami;
Kristo, *pakapakinggan Mo kami;*

Diyos Ama sa langit
Diyos Anak na tumubos sa Sanlibutan
Diyos Espiritu Santo
Santisima Trinidad na tatlong Persona at iisang Diyos

Maawa Ka sa amin.

Santa Maria
Santang Ina ng Diyos
Santang Birhen ng mga Birhen
Ina ni Kristo
Ina ng grasya ng Diyos
Inang kasakdal-sakdalan
Inang walang malay sa kahalayan
Inang di malapitan ng masama
Inang kalisin-linisan
Inang pinaglihing walang kasalanan
Inang kaibig-ibig
Inang kataka-taka
Ina ng mabuting kahatulan
Ina ng may gawa sa lahat
Ina ng mapag-adya
Birheng kapahampahaman
Birheng dapat igalang
Birheng dapat ipagbantog
Birheng makapangyayari
Birheng maawain
Birheng matibay na loob sa magaling
Salamin ng katuwiran
Mula ng tuwa namin
Sisidlan ng kabanalan
Sisidlan ng bunyi at bantog

Ipanalangin mo kami.

Sisidlan ng bukod-tanging katimman
Rosang bulaklak, na di mapuspos ng bait ng tao
ang halaga
Torre ni David
Torreng garing
Bayan na ginto
Kaban ng tipan
Pinto ng langit
Talang maliwanag
Mapagpagaling sa mga maysakit
Pagsasakdalan ng mga taong makasalanan
Mapang-aliw sa nangag-dadalamhati
Mapag-ampon sa mga kristiyano
Reyna na mga angel
Reyna ng mga patriarka
Reyna ng mga profeta
Reyna ng mga apostol
Reyna ng mga martir
Reyna ng mga confesor
Reyna ng mga birhen
Reyna ng lahat ng mga santo
Reynang ipinaglihi na di nagmana ng salang orihinal
Reynang iniakyat sa langit
Reyna ng kasantu-santuhang rosaryo
Reyna ng kapayapaan

Ipanalangin mo kami.

Kordero ng Diyos na nakawawala ng mga kasalanan ng sanlibutan, *Patawarin Mo po kami, Panginoon;*

Kordero ng Diyos na nakawawala ng mga kasalanan ng sanlibutan, *Pakapakinggan Mo po kami, Panginoon;*

Kordero ng Diyos na nakawawala ng mga kasalanan ng sanlibutan, *Maawa Ka sa amin.*

V. Ipanalangin mo kami, Santang Ina ng Diyos.

R. Nang kami ay maging dapat makinabang sa mga pangako ni Hesukristong Panginoon.

PANALANGIN - Diyos at Panginoon namin, na ang bugtong na Anak Mo ay siyang ipinapakamit namin ng kagalinga't kabuhayang walang hanggan sa pamamagitan ng kanyang pagkakakatawang-tao, pagkamatay at pagkabuhay na mag-uli, ipagkaloob Mo, hinihiling namin sa Iyo, na sa pagninilay-nilay naming nitong mga misteryo ng Santo Rosaryo ni Santa Mariang Birhen ay hindi lamang matularan namin ang mga magagaling na halimbawang nalalarawan doon, kundi naman makamtan namin ang mga kagalingang ipinangako sa amin, alang-alang kay Hesuskristong Panginoon namin, na kapisan Mo at ng Espiritu Santo nabubuhay at naghahari magpasawalang hanggan. Siya nawa.

V: Sumaatin nawa ang tulong ng Maykapal

R: Siya Nawa.

V: Sumapayapa nawa ang kaluluwa ng mga yumao sa grasya ng Panginoong Diyos.

R: Siya Nawa.

V: Manatili nawa sa atin ang biyaya ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.

R: Siya Nawa.